
# PAGPAPAUBAYA SA DIYOS NA BAGUHIN KA

**A Lord's Flock Praise & Worship Topic**

Ni: Fr. Marc Will Lim, SDB

Oktubre 5, 2024

Ipinako si Hesus ngunit pinatawad Niya ang mga taong nagpapako sa Kanya sa krus kahit hindi sila humingi ng tawad. Gayon din naman, sa pamamagitan ng pagpapako sa Kanya sa krus, pinatawad tayo kahit di tayo humihingi ng tawad. Manalangin tayo sa Kanya na tulungan Niya tayong mapatawad ang kapwa. Nakagagaling ang pagpapatawad. Naipapaubaya natin sa Diyos na baguhin tayo kung naka-ugnay tayo sa Kanya at pinapakinggan natin Siya. Makatutulong tayong mabago ang mundo kung magsisimula tayong baguhin ang ating sarili.



**Ang Pagpapatawad at Pagpapagaling ay Daan sa Pagbabago:**

1. Ang ating mga sugat ay resulta ng matinding sakit. Maaaring naidulot ito ng ating mga magulang, kapatid o ibang miyembro ng pamilya. Ito  ay maaaring simpleng pananabik ng isang anak sa kalinga ng kanyang ina; ngunit maaari ring nakaka-traumang karanasan sa pagkabata (hal. nakidnap o naabuso).
2. Nabubuhay tayo sa mga sakit na ito na may takot (*phobia*), kirot o hinanakit. Ang sakit sa pagkabata ay maaaring makaapekto sa ating pagtanda o sa ating relasyon sa kapwa.
3. Kadalasan ang pamilya natin ang nagbibigay sa atin ng matinding sakit. Ang batang nakaranas ng pagtanggi o kapabayaan ay maaaring lumaking may "*defense mechanism"* para protektahan ang sarili.
4. Ang mga sakit o pighati ay maaaring dulot ng ating magulang o mga kapatid (sadya o hindi). Maaaring naging pabaya ang magulang dahil sa sobrang abala sa paghahanap-buhay. Maaaring hindi nila napansin ang mga nakaka-traumang karanasan ng kanilang anak na nakaka-apekto sa emosyonal nilang kagalingan.
5. Baka hindi rin natin pansin na nasasaktan natin ang ating sarili. Ang mataas nating pamantayan ay maaaring magdulot sa atin ng matinding lungkot. Ang pagkakasala ay mabigat na dalahin na nakaka-apekto sa ating pananaw sa buhay. Ito ay mga malalim na sugat na nagiging dahilan para masaktan natin ang ating kapwa.
6. Ang pamilya ang higit na nakapagbibigay lunas sa ating mga sakit. Ang magulang na humingi ng tawad sa anak sa nagawang kamalian ay simula ng proseso ng paghilom ng buong pamilya.
7. Ang paghilom ay posible lamang kung may pagpapatawad - nagkakaroon ng pagbabago sa tao, at nababago rin ang pakikitungo niya sa kapwa.
8. Ang pagpapatawad ay nagdudulot din ng pagbabago sa atin at sa mga tao sa ating paligid.
9. Pagkatapos ng paghilom, ang dating makasarili ay nagiging maka-tao na.
10. Sa pagpapatawad, tayo ay nagdudulot ng kagalingan.

**Konklusyon:**

Ang pagpapatawad ay isang regalo. Hindi nakatanggap ng anumang sori ang Panginoon noong ipinako Siya sa krus. Dahil Siya ay Panginoon ng awa at habag, pinatawad Niya ang lahat. "Ama, patawarin mo sila, sapagkat hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa" (Lk.23:34). Ito rin ang regalo ng Diyos sa ating lahat – lahat tayo ay pinatawad. Manalangin tayo na nawa tulungan din Niya tayong mapatawad ang ating kapwa. Pahintulutan natin ang Diyos na baguhin Niya tayo sa pamamagitan ng palaging pakikinig sa Kanya. Simulan nating baguhin ang ating sarili at makatutulong tayo sa pagbabago ng mundo.

**Pagninilay:**

1. Pumapayag ka bang baguhin ka ng Diyos? Paano ka higit na makikipag-ugnayan sa Kanya?

2. Paano mo mapatatawad ang taong hindi man lang nagsasabi ng "sori" sa iyo?

**SCRIBES Ministry**
Isinalin ni: Nida A. Cruz
https://lordsflock.org/teachings/digests
Tags:  #Pagpapatawad, #Paghilom, #Pagbabago

1.